
## Paano kung wala akong pambayad sa mga bakuna ng aking mga anak?

Ang mga bakuna ay madalas na libre para sa mga bata kapag ang mga pamilya ay walang pambayad. Tumawag sa 800-232-2522 o sa inyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan upang malaman kung saan maaari kang pumunta para sa libre o murang bakuna. Nakasalalay rito ang kalusugan ng iyong mga anak!

## At narito ang isang pagunita sa mga magulang!


Kailangan din ng mga may sapat na gulang ang mga iniksiyon! Tumawag sa inyong klinika o kagawaran ng kalusugan upang malaman kung anong mga iniksiyon ang inyong kailangan o kung kailan ang susunod ninyong mga iniksiyon. Umaasa ang inyong mga anak na mananatili kayong malusog!

Lahat ng batang
0-18 taong gulang
ay nangangailangan
ng bakuna para
sa hepatitis B!




**Ang lahat ay nangangailangan ng mga bakuna!**

Kung wala kang pambayad sa mga iniksiyon o hindi alam kung saan makukuha ang mga ito, kontakin ang kagawaran ng kalusugan ng inyong lungsod, county, o estado, o tumawag sa 800-232-2522.




Immunization Action Coalition
1573 Selby Avenue, Suite 234
St. Paul, MN 55104
651-647-9009
www.immunize.org
www.vaccineinformation.org




Ang nilalaman ng brochure na ito ay nirepaso para sa katumpakang teknikal ng Centers for Disease Control and Prevention. Ito ay walang copyright. Puwedeng baguhin ito upang ibagay sa mga pangangailangan ng inyong klinika o komunidad. Gayunman, kapag binago ninyo ito, mangyaring sabihin na ito ay kinuha sa Immunization Action Coalition.




www.immunize.org/catg.d/4055ta.pdf
Item #P4055-06 Tagalog (4/98, reviewed 8/04)



# Kailangan ng lahat ng bata ang mga iniksiyon para sa hepatitis B!



**maliliit na bata,**



**katamtaman ang laki,**



**at malalaking bata din!**


## Ano ang hepatitis B?

Ang Hepatitis B ay isang malubhang sakit sa atay na sanhi ng virus. Ang virus na ito ay maaaring pumasok sa daluyan ng dugo, umatake sa atay, at maging sanhi ng mabigat na karamdaman. Kung minsan, ang virus ay maaaring habambuhay na manatili sa katawan at patuloy na sumira sa atay.

## Paano nagkakaroon ng hepatitis B ang mga bata?

Maraming paraan. Ang hepatitis B ay maaaring ikalat ng:

- pagdikit sa dugo o tubig sa katawan ng may ganitong sakit
- paggamit ng sepilyo, pang-ahit, pamunas, o karayom ng may ganitong sakit
- kagat ng tao
- pakikipagtalik o seks sa may ganitong sakit
- pagbutas ng tainga, pagbutas ng katawan, o paglalagay ng tato sa pamamagitan ng hindi isterilisadong kagamitan




## Bakit kailangan ng lahat kong anak ang mga iniksiyon para sa hepatitis B?


Lahat ng pangunahing grupong manggagamot sa Estados Unidos ay sumasang-ayon na ang lahat ng batang 0-18 taong gulang ay nangangailangan ng mga iniksiyon para sa hepatitis B upang protektahan sila sa sakit na ito. Ngayon, lahat ng sanggol ay dapat tumanggap ng mga iniksiyon para sa hepatitis B kasama ng lahat ng iba pang iniksiyon sa bata. Kung ang inyong anak at tinedyer ay hindi nabakunahan laban sa hepatitis B noong sila ay bata pa, pabakunahan sila ngayon.

## Malaki ba ang panganib na ang anak ko ay mahawa ng hepatitis B virus?

Sinuman ay maaaring magkaroon ng hepatitis B. Gayunman, ang mga bata na ipinanganak, o ang mga magulang ay ipinanganak, sa labas ng Estados Unidos kung saan ang hepatitis B ay malubhang problema ay maaaring may malaking panganib na mahawa ng hepatitis B.

Sa mga lugar na malubhang problema ang hepatitis B ay kabilang ang Asya, Aprika, mga Islang Pasipiko, Silangang Europa, ang Dating Unyong Soviet, at Timog Amerika.


Kung hindi ka nakasisiguro tungkol sa kalubhaan ng hepatitis B sa inyong bansang pinagmulan, itanong sa iyong doktor o kagawaran ng kalusugang pampubliko. Maaaring suriin ng iyong doktor ang iyong mga anak sa oras ng unang bakuna upang masiguro na hindi pa sila nahahawa ng hepatitis B virus.




## Dapat ko bang payagan ang aking mga anak na bakunahan sa paaralan?

Sa paaralan maraming bata ang inaalok na ngayon ng bakuna para sa hepatitis B. Kung ang iyong anak ay inaalok ng bakuna sa paaralan, ikaw at/o ang iyong anak ay hindi na kailangang tatlong beses na pumunta sa opisina ng doktor!

## Gaano kaligtas ang bakunang ito?




Ang bakuna para sa hepatitis B ay isa sa pinakaligtas na bakuna. Ito ay ginagamit na sa Estados Unidos mula pa noong 1981 at naipakitang ligtas at mabisa.